
Government of Canada | Gouvernement du Canada

# WWW.JOBBANK.GC.CA/NEWCOMERS

Resource sheet para sa mga organisasyon na nagsisilbi sa mga imigrante

## Ano ang Job Bank

- Ang www.JobBank.gc.ca ay isang website ng Pamahalaan ng Canada kung saan ka makakahanap ng available na trabaho sa Canada. Libu-libong mga bagong trabaho ang idinaragdag araw-araw.
- Ang Job Bank ay available sa Pranses at Ingles. Ito ang mga opisyal na wika sa Canada.



## PAANO MAGHANAP NG TRABAHO

Gamitin ang search feature:




Ang filters sa kaliwang panig ng job search results page ay makakatulong sa iyo na i-focus ang iyong paghahanap ng trabaho.

## UNAWAIN ANG ISANG JOB POSTING

Mag-scroll sa mga resulta ng job search upang makita ang:

Title ng trabaho;

- Pangalan ng employer;
- Lokasyon ng trabaho;
- Suweldo.




Mag-click sa isang job posting upang mabasa ang karagdagang impormasyon.

Ang job posting ay naglalaman ng maraming magagamit na detalye. Ang ilan sa mga pinakamahalaga ay:




- Kung saan ang trabaho kumpara sa kung saan ka nakatira;
- Magkano ang bayad para sa trabaho;
- Kailan sa araw o kailan mula Lunes hanggang Linggo inaasahan kang magtrabaho;
- Petsa ng simula ng trabaho;
- Paano gusto ng employer mag-apply ang mga tao para sa trabaho.

Magagamit mo ang impormasyon na ito upang magpasiya kung mag-aaplay ka para sa isang trabaho.

## PAG-APPLY PARA SA ISANG TRABAHO

Kung pinili mong kontakin ang isang employer, maaaring tanungin niya:

- Ang iyong pangalan;
- Kung nasaan ka at kung may transportasyon ka papunta sa trabaho;
- Ang iyong work experience;
- Kung mayroon kang valid work permit.

Maaaring imbitahin ka ng isang employer, bilang job candidate, na magsumite ng resume/biodata o lumahok sa isang interview. Kung nais kang i-hire ng employer, tatanggap ka ng job offer na pipirmahan mo.

## PAGKILALA AT PAGTANGGAP SA FOREIGN CREDENTIAL

Sa Canada, ang ilang mga okupasyon ay nangangailangan ng lisensiya bago ka makapagsimulang magtrabaho. Ang ilang mga halimbawa nito ay Teacher, Professional Engineer, o Nurse.




Ang mga university degrees na nakuha sa labas ng Canada ay maaaring kailangang idaan sa isang credential assessment.

## MGA MAGAGAMIT NA RESOURCES

- Gamitin ang Foreign Credential Recognition Tool upang makita kung ang trabahong gusto mo ay nangangailangan ng lisensiya.
- Alamin kung ano ang credential assessments upang malaman kung ang iyong credentials at degrees ay kikilalanin sa Canada.
- Resume Builder Tool upang tulungan kang mabilis na gumawa ng propesyonal na resume/biodata..

*Upang i-access ang resources na ito, bisitahin ang: :*

**WWW.JOBBANK.GC.CA/NEWCOMERS**

Canada